Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo



TALAAN NG NILALAMAN

Sulat mula sa CEO iii

Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo ng KBR 1

Kalusugan, Kaligtasan, Seguridad at Kapaligiran 3

Patas na Pagkakataong Makapagtrabaho at Panliligalig 4

Mga Pagsasalungat ng Interes. 5

Mga Internal na Kontrol sa Accounting 6

Panunuhol at Katiwalian 7

Mga Regalo, Paglalakbay at Paglilibang 8

Mga Pulitikal na Kontribusyon 9

Pagsunod sa Mga Batas sa Pag-export at Kalakalan 10

Antitrust 11

Panloloko 12

Paggamit at Pagsasapubliko ng Mahalagang
Hindi Pampublikong Impormasyon 13

Kumpidensyal at Pinagmamay-ariang Impormasyon 14

Pakikipagkontrata sa Pamahalaan 15

Pag-uulat ng Mga Pinaghihinalaang Paglabag
sa Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo. 16

Mga Tala 17

76-MF01
PROPANE
13-MD01

Sa Lahat ng Empleyado ng KBR, Inc. at sa Mga Sangay nito:

Ang KBR ay mayroong mayamang pamana sa pundasyon ng integridad. Bilang Pangulo at CEO ng KBR, nakatuon ako sa pagpapatakbo sa ating negosyo nang sumusunod sa batas at nang may katapatan at integridad – at ganito rin dapat ang gawin ng bawat direktor, opisyal, empleyado, kontratista at ahente ng KBR. Walang ibang paraan.

Ang Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo ng KBR (Code of Business Conduct o COBC) ay para sa lahat ng nagtatrabaho sa KBR – bawat direktor, opisyal, empleyado at ahente. Nagtatakda ito ng isang hanay ng mga pamantayang etikal at prinsipyong legal na inaasahang ipapakita nating lahat sa tuwing nakikitungo tayo sa mga kliyente, sa komunidad at sa isa't isa. Binuo ang COBC upang matulungan kang magamit ang mga legal at etikal na kasanayan sa pang-araw-araw na buhay mo sa trabaho at upang matulungan ka ring sumunod sa batas.

Ang etika ay isang mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng KBR bilang kumpanya. Ipinapakita ng ating mga prinsipyong etikal na nakatuon tayo sa pagtiyak na naisasagawa natin ang ating misyon nang may integridad. Nakasaad ang ating mga prinsipyo sa COBC, na binubuo ng mga patakarang nauugnay sa mga pamantayang etikal at legal ng asal na dapat sundin ng lahat sa pagpapatakbo ng ating negosyo.

Bagaman idinisenyo ang Mga Alituntunin upang tugunan ang mga etikal at legal na isyu ng iba't ibang larangan, maaaring may mga pagkakataon kung saan mayroon kang mga tanong tungkol sa isang partikular na sitwasyon. Kung mangyari iyon, dapat kang makipag-ugnayan sa Ethics Hotline, sa Director ng Business Conduct o sa iba pang abugado sa Law Department ng KBR.

Patuloy tayong mamamayagpag sa pamamagitan ng pagsunod sa batas, pakikitungo nang patas at may integridad at dedikasyon sa kaligtasan, kalidad at pagsasakatuparan. Inaasahan ko ang buong puso at patuloy na pagsuporta mo sa mga pinapahalagahan at prinsipyo na ito ng kumpanya sa hinaharap.

Stuart Bradie

President at Chief Executive Officer
KBR, Inc.

Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo ng KBR

Pinagtibay ng Board of Directors ng KBR ang Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo na ito (ang "Mga Alituntunin") upang magtakda ng isang hanay ng mga pamantayang etikal at prinsipyong legal na inaasahan ng Kumpanya na ipakita ng bawat Empleyado[1] sa tuwing nakikitungo sa mga kliyente, sa komunidad at sa isa't isa. Inaasahan din ng Kumpanya ang mga third party na nagtatrabaho sa ngalan ng Kumpanya na sumunod sa mga pamantayang etikal na ito.

Hindi kukunsintihin ng Kumpanya ang anumang mga ilegal o hindi etikal na gawain.

Magpapatakbo ng negosyo ang Kumpanya nang sumusunod sa lahat ng naaangkop na batas at alinsunod sa mga pamantayang etikal. Sa ilang sitwasyon, maaaring sumalungat ang mga naaangkop na batas ng Estados Unidos sa mga pinaiiral na batas ng ibang bansa. Sa mga ganoong sitwasyon, magsisikap ang Kumpanya na lutasin ang nasabing pagsasalungat sa gabay ng Law Department nito. Kapag hindi malutas ang isang pagsasalungat, susundin ng Kumpanya ang mga naaangkop na batas ng Estados Unidos.

Personal na responsibilidad ng bawat Empleyado na sumunod sa mga pamantayan at paghihigpit na naaangkop sa kanyang mga nakatalagang tungkulin at responsibilidad, ipinataw man ang mga ito ng mga naaangkop na batas o ng Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo. Dapat iwasan ng bawat Empleyado ang anumang mga gawaing magsasangkot sa Kumpanya sa anumang gawi na hindi sumusunod sa Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo. Ang sinumang Empleyado na hindi sumusunod sa mga nasabing pamantayan at paghihigpit ay malinaw na kumikilos nang labas sa saklaw ng kanyang trabaho, mga responsibilidad o ahensya.

Bukod pa sa pagsunod sa batas, inaasahan ang lahat ng Empleyado na magpatupad ng matataas na pamantayan ng etika sa negosyo at personal na etika sa pagtupad sa kanilang mga nakatalagang tungkulin at responsibilidad. Kailangan dito ang pagiging patas, matapat at pagkakaroon ng integridad ng Mga Empleyado sa bawat aspeto ng pakikitungo sa Mga Empleyado ng Kumpanya, publiko, komunidad ng negosyo, mga shareholder, mga customer, mga supplier, mga kakumpitensya at mga awtoridad ng pamahalaan at pangregulasyong awtoridad. Kapag kumikilos para sa Kumpanya, hindi dapat manlamang sa hindi patas na paraan ang Mga Empleyado sa pamamagitan ng pagmamanipula, pagtatago, pang-aabuso sa kumpidensyal na impormasyon, pagbibigay ng maling datos tungkol sa mahalagang impormasyon o iba pang mga gawi sa hindi patas na pakikitungo.

Responsibilidad ng Mga Empleyado na basahin, unawain at sundin ang Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo at lumahok sa anumang inaatas ng Kumpanya na pagsasanay na kaugnay ng Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo.

Ang sinumang Empleyado na kokompromiso o lalabag sa mga probisyon ng Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo ay maaaring mapatawan ng aksyong pandisiplina kabilang ang pagsisisante at, kung naaangkop, mapailalim sa kriminal o sibil na paglilitis.

Kabilang sa mga halimbawa ng gawain na maaaring magresulta sa aksyong pandisiplina ang paglabag sa Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo, paghiling sa iba na labagin ang Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo o hindi maagap na pag-uulat ng nalalaman o pinaghihinalaang paglabag sa Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo.

Kapag hindi tiyak kung naaangkop ang isang partikular na gagawing hakbang, hinihikayat ang Mga Empleyado na tumawag sa Ethics Hotline o makipag-ugnayan sa sinumang miyembro ng Law Department.

[1]Naaangkop ang Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo na ito sa lahat ng operasyon at pangkat na entity ng KBR sa buong mundo. Ang terminong "Mga Empleyado" na ginagamit sa kabuuan nito ay dapat maunawaan na kinabibilangan ng lahat ng opisyal at empleyado, pati na rin ng mga tauhan ng ahensya at mga miyembro ng Board of Directors ng KBR, Inc.

Ang Iyong Mga Responsibilidad bilang Empleyado:

- Kumilos nang may katapatan at naaayon sa etika sa lahat ng pakikipagtransaksyon
- Sumunod sa batas at sa Mga Alituntunin, gayundin sa mga patakaran at mga pamamalakad ng KBR
- Maagap na iulat ang anumang mga pinaghihinalaan o aktwal na paglabag sa Mga Alituntunin sa iyong manager, sa Code of Business Conduct Department o sa www.kbr.ethicspoint.com
- Humingi ng payo sa iyong manager o sa Law Department kapag naharap sa isang etikal o legal na hamon
- Maging responsable sa pagsunod sa batas at sa Mga Alituntunin

Ang Iyong Mga Responsibilidad bilang Supervisor:

Bilang isang supervisor o manager ng Mga Empleyado, ang iyong mga responsibilidad alinsunod sa Mga Alituntunin ay:

- Magpakita ng ulirang etikal na pag-uugali
- Manghikayat ng malayang pakikipag-ugnayan sa Mga Empleyado at magbigay ng payo at komentaryo bilang tugon sa kanilang mga tanong at alalahanin
- Malaman kung kailan dapat mag-ulat ng mga paglabag, magdulog ng mga isyu o humingi ng tulong sa mga dalubhasa ng kumpanya
- Tiyaking walang Empleyado ang pinaghihigantihan dahil sa pag-uulat ng mga pinaghihinalaan o potensyal na paglabag sa Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo o naaangkop na batas

Responsibilidad sa Lipunan ng Kumpanya

Tinatanggap ng KBR na upang magtagumpay sa ating estratehiya sa patuloy na pag-unlad at upang makasiguro ng mas malaki at pangmatagalang shareholder value, dapat tayong bumuo ng kumpanyang nakabatay ang pilosopiya ng negosyo sa pagpapanatili at pagbabalanse ng kaunlaran sa negosyo, pangangalaga sa kapaligiran at responsibilidad sa lipunan.

Nag-aambag ang KBR ng mga napapanatiling solusyon sa mga proyektong isinasagawa para sa ating mga customer, at pinapagtibay ang mga patakaran at layunin ng mga ito sa pamamagitan ng mga sistema, teknolohiya at kultura ng organisasyon ng KBR at mga tauhan nito.

Sinusuri ng KBR ang mga isyung pang-ekonomiya, pangkapaligiran at panlipunan sa mga proseso ng pagpapasya nito at sa mga sistema ng pamamahala na nangangasiwa sa ating mga gawain sa negosyo.

Nagpapatupad ang KBR ng mga napapanatiling estratehiya upang magabayan ang pangangalaga at pamamahala sa ating mga tao; ating negosyo at kaugnayang panlipunan; mga istraktura at komunidad kung saan tayo nakatira at naghahanapbuhay; ating imprastraktura at materyales; at ating kaunlaran sa negosyo. Kabilang sa mga estratehiyang ito ang napapanatiling disenyo, pagkuha, konstruksyon, mga teknolohiya, pagkakaiba-iba ng supplier at empleyado, nilalamang lokal, mga karapatang pantao, paglaban sa katiwalian, pagsasanay, pagpigil sa polusyon, kalusugan at kaligtasan, pagkakawanggawa at pagboboluntaryo.

KALUSUGAN, KALIGTASAN, SEGURIDAD AT KAPALIGIRAN

Susunod ang Kumpanya sa lahat ng naaangkop na batas at mga may kaugnayang pamantayan sa kasanayan ng industriya hinggil sa pagprotekta sa kalusugan, kaligtasan at seguridad ng Mga Empleyado nito sa lugar ng trabaho at iba pang mga taong naaapektuhan ng mga gawain sa negosyo nito at kabilang ang pagpigil sa paglapastangan ng kapaligiran. Ang pagprotekta sa kalusugan, kaligtasan, seguridad at ang pagpigil sa paglapastangan ng kapaligiran ay isang pangunahing layunin ng Kumpanya at dapat magsagawa ng mga pagkilos ang pamahalaan ng Kumpanya tulad ng hinihingi at kinakailangan upang matupad ang nasabing layunin.

Patuloy na susuriin ng Kumpanya ang mga aspeto ng Kalusugan, Kaligtasan, Seguridad at Kapaligiran (Health, Safety, Security and Environmental o "HSSE") ng mga produkto at serbisyo nito. Ang layunin ay bumuo at magbigay ng mga produkto at serbisyo na walang masamang epekto sa kapaligiran at ligtas kapag ginamit kung para saan talaga ang mga ito, matipid kumonsumo ng enerhiya at likas na yaman at maaaring i-recycle, muling gamitin o itapon nang walang panganib.

Isasagawa ng lahat ng Empleyado ang kanilang mga tungkulin at responsibilidad sa paraang naaayon sa pagtupad sa mga layuning ito.

Naniniwala ang Kumpanya na mainam sa negosyo ang mahusay na pamamahala sa HSSE. Inaamin namin na nakakatulong din sa pagpapataas sa produktibidad at kalaunan ay sa pagtatagumpay ng negosyo ang ligtas na lugar ng trabaho at dedikadong pwersa ng manggagawa. Sa pagsasaalang-alang dito, sinimulan ng KBR ang inisyatibong Zero Harm na nagsasama-sama sa tatlong dynamic na bahagi – Zero Harm, 24/7 at Courage to Care.

Maging Responsable!

Ang lahat ng Empleyado ay dapat:

- ✓ Maglinang ng maiinam na gawing pangkaligtasan;
- ✓ Pahusayin ang pagganap para sa kaligtasan sa kanilang lugar;
- ✓ Tumulong na tukuyin ang mga karaniwang dahilan at sanhi ng mga insidente; at
- ✓ Pigilan ang mga insidente

ZERO HARM 24/7 courage to care

PATAS NA PAGKAKATAONG MAKAPAGTRABAHO AT PANLILIGALIG

Sa mga patakaran sa pagtanggap at pagpo-promote nito, layunin ng Kumpanya na magbigay ng patas na pagkakataon sa lahat ng kwalipikadong indibidwal. Magsisikap ang Kumpanya na bumuo ng pwersa ng manggagawa na sumasalamin sa pagkakaiba-iba ng populasyon ng mga komunidad kung saan ito nagpapatakbo.

Sa lahat ng pagpapatakbo at kasanayan sa trabaho nito, susunod ang Kumpanya sa naaangkop na batas na sumasaklaw sa mga patas na pagkakataong makapagtrabaho upang matiyak na walang labag sa batas na pandidiskrimina laban sa sinumang Empleyado o aplikante. Bibigyan ng Kumpanya ang Mga Empleyado ng lugar ng trabaho kung saan walang pandidiskrimina, panliligalig, pananakot o pamimilit na direkta o hindi direktang nauugnay sa lahi, kulay, relihiyon, kapansanan, kasarian, sekswal na oryentasyon at pagkakakilanlang kasarian o pagpapahayag ng kasarian, edad, bansang pinagmulan, katayuang beterano o genetic na impormasyon.

Ang Empleyadong naniniwala na diniskrimina o dinidiskrimina siya, o naniniwalang nakasaksi siya ng pandidiskrimina, at mag-uulat tungkol sa isyung iyon alinsunod sa Patakarang ito ay hindi dapat paghigantihan o pakitunguhan nang hindi naaayon dahil sa pag-uulat tungkol dito.

Naniniwala ang Kumpanya na dapat pakitunguhan ang lahat ng Empleyado nang may dignidad at respeto.

Patakaran ng Kumpanya na magbigay ng lugar ng trabaho kung saan walang panliligalig. Ipinagbabawal ng Kumpanya ang lahat ng anyo ng panliligalig sa Mga Empleyado nito ng iba pang Mga Empleyado, kabilang ang mga supervisor o iba pang miyembro ng pamahalaan nito.

Responsibilidad ng bawat Empleyado na makipagtulungan sa pagtupad sa layuning ito. Ang panliligalig ay itinuturing na isang malalang pag-asal nang masama at maaaring mapatawan ang Empleyado ng aksyong pandisiplina dahil dito, kabilang ang agarang pagsisisante. Tulad ng paggamit sa Patakarang ito, kabilang sa terminong "panliligalig" ang sekswal na panliligalig, panliligalig dahil sa lahi, panliligalig dahil sa etnikong pinagmulan at iba pang mga anyo ng panliligalig, kabilang ang panliligalig batay sa kapansanan.

Maagap at maingat na iimbestigahan ang lahat ng reklamo. Ipinagbabawal ng Kumpanya ang pagbibigay ng masasamang kahihinatnan laban sa Mga Empleyado bilang resulta ng pag-uulat ng anumang pagsasagawa ng panliligalig, kabilang ang sekswal na panliligalig.

Maging Responsable!

T: *Ano ang dapat kong gawin kung naniniwala akong nililigalig ako?*

S: *Una, pag-isipang sabihin sa nakakasakit na partido na hindi mo gusto ang ginagawa niya. Gayunpaman, kung hindi ka kumportableng harapin ang nakakasakit na partido (o kung hindi siya titigil), dapat mong abisuhan ang iyong direktang supervisor. Kung mas kumportable kang talakayin ang isyu sa iba pa bukod sa iyong direktang supervisor, o kung hindi gumawa ng naaangkop na pagkilos ang iyong direktang supervisor upang lutasin ang problema, dapat kang makipag-ugnayan sa isang miyembro ng Human Resources o sa Law Department. Maagap at maingat na iimbestigahan ang lahat ng naturang reklamo.*

MGA PAGSASALUNGAT NG INTERES

May tungkulin sa Kumpanya ang lahat ng Empleyado na isulong ang mga lehitimong interes ng Kumpanya. Nababahala ang Kumpanya kapag maaaring sumalungat o makahadlang sa mga interes ng Kumpanya ang tungkulin sa labas o mga personal na interes o iba pang mga kaugnayan ng Mga Empleyado nito. Ipinagbabawal ng Kumpanya ang mga pagsasalungat ng interes maliban kung partikular na inaprubahan ng Chief Executive Officer o ng taong kanyang itinalaga.

Mga Potensyal na Pagsasalungat ng Interes

Maraming paraan kung saan maaaring magkaroon ng mga pagsasalungat ng interes kabilang ang pagsasagawa ng Mga Empleyado sa mga sumusunod:

1. Pagsisilbi bilang direktor o consultant ng o para sa isang entity na hindi KBR;
2. Pagkakaroon ng ilang partikular na pamumuhunan o ng pinansyal na interes sa isang umiiral na o potensyal na kakumpitensya, customer o supplier; o kaya ay
3. Pagkakaroon ng pangalawang trabaho na sumasalungat sa mga interes ng Kumpanya o nagpapahina sa kakayahan ng Empleyado na isagawa ang kanyang mga responsibilidad sa Kumpanya.

Maaari ding magsanhi ng mga aktwal, maliwanag o potensyal na pagsasalungat ng interes ang mga trabaho at pag-anib ng malalapit na kamag-anak.

Inaasahan at inaatasan ng Kumpanya na maging tapat at sumusunod sa etika ang Mga Empleyado sa pangangasiwa sa mga aktwal, maliwanag o posibleng pagsasalungat ng interes. Kung may posibleng pagsasalungat ng interes ang sinumang Empleyado, dapat ay maagap at ganap na ipaalam ng Empleyado ang sitwasyon sa kanyang manager o supervisor, na inaatasang hingin ang pag-apruba ng Chief Executive Officer o ng taong kanyang itinalaga. Kung may posibleng pagsasalungat ng interes ang sinumang miyembro ng Board of Directors o ang Chief Executive Officer, dapat ay maagap at ganap na ipaalam ang sitwasyon sa Audit Committee ng Kumpanya.

Ang ilang partikular na Empleyado na may kakayahang idirekta o impluwensyahan ang paggamit o pamamahagi ng anumang malaking halaga ng mga pondo o iba pang mga asset ng Kumpanya ay inaatasang magsumite ng taunang pahayag ng pagsunod hinggil sa anumang mga aktwal, maliwanag o posibleng pagsasalungat ng interes.

Maging Responsable!

T: *Nagtatrabaho si Roberto bilang isang inhinyero at nagpapa-book siya para sa retreat ng team. May-ari ang kapatid ni Roberto ng isang hotel kung saan maaaring ganapin ang retreat. Maaari bang makipagkontrata si Roberto sa hotel ng kanyang kapatid?*

S: *Hindi, dahil maaari itong magsanhi ng pagsasalungat ng interes. Walang magagawa si Roberto para impluwensyahan ang Kumpanya na tangkilikin ang negosyo ng kanyang kapatid, ngunit maaari niyang ipakilala ang kanyang kapatid sa departamentong responsable sa Pagpaplano ng Paglalakbay o Kaganapan kung ipapaalam niya ang kaugnayan nila.*

MGA INTERNAL NA KONTROL SA ACCOUNTING

Dapat magpanatili ang Kumpanya ng isang sistema ng mga internal na kontrol sa accounting na makakapagbigay ng makatuwirang katiyakan kung maaasahan ang pag-uulat hinggil sa pananalapi at tungkol sa paghahanda ng mga pahayag sa pananalapi para sa mga panlabas na layunin alinsunod sa mga karaniwang tinatanggap na prinsipyo sa accounting o anumang iba pang mga pamantayan na naaangkop sa mga naturang pahayag, at mayroon ng mga patakaran at prosesong:

- Hinggil sa pagpapanatili ng mga talaang tumpak at patas na nagpapakita sa makatuwirang detalye sa mga transaksyon at pamamahagi ng mga asset ng Kumpanya;
- Nagbibigay ng makatuwirang katiyakan na isinasagawa ang mga transaksyon alinsunod sa pangkalahatan o partikular na pahintulot ng pamahalaan; at
- Nagbibigay ng makatuwirang katiyakan tungkol sa pagpigil o maagap na pagkatuklas ng hindi awtorisadong pagkuha, paggamit o pamamahagi ng mga asset ng Kumpanya.

Walang itatalang transaksyon sa mga account ng Kumpanya maliban kung nasasaklawan ito ng mga nakasulat na patakaran at proseso o kaya ay partikular at pormal itong inaprubahan ng isang naaangkop at itinalagang Empleyado. Para sa naturang pag-apruba, kailangang tukuyin na ang transaksyon ay: (i) pinahintulutan alinsunod sa Patakaran ng Kumpanya na ito at (ii) sinusuportahan ng dokumentadong katibayan upang mapatunayan ang pagiging totoo ng transaksyon.

Ang lahat ng transaksyong papasukin ng Kumpanya ay itatala sa mga account ng Kumpanya alinsunod sa mga karaniwan at pamantayang proseso. Papanatilihin na makatuwirang detalyado ang mga talaan ng accounting upang:

- Tumpak at patas na ipakita ang mga transaksyon at pamamahagi ng mga asset ng Kumpanya;
- Sumunod sa mga naaangkop na kinakailangang pangregulasyon, kabilang ang Foreign Corrupt Practices Act (FCPA) ng U. S. at iba pang mga kinakailangan ayon sa batas; at
- Maproseso sa paraang magbibigay-daan sa maagap na paghahanda ng mga pahayag, ulat at data sa pananalapi para sa internal, pampubliko at pangregulasyong pag-uulat.

Ang pagpapatupad at pagpapanatili ng mga internal na kontrol sa accounting, proseso at talaan na sapat sa lahat ng aspeto upang matugunan ang mga kinakailangan ng Patakaran ng Kumpanya na ito ay ang pangunahing responsibilidad ng Chief Accounting Officer. Bukod pa rito, responsable ang Chief Executive Officer at Chief Financial Officer sa pagtitiyak ng pagsunod sa lahat ng aspeto ng Mga Seksyon 302 at 404 ng Sarbanes-Oxley Act, na nag-aatas sa pamahalaan na tasahin at iulat ang kahusayan ng sistema ng mga internal na kontrol ng Kumpanya sa pag-uulat hinggil sa pananalapi sa mga tinukoy na yugto. Responsable ang Chief Financial Officer at ang General Counsel sa pagtitiyak ng pagsunod sa Foreign Corrupt Practices Act, kabilang ang hinihingi nito na magpanatili ang Kumpanya ng pangmatagalang sistema ng mga internal na kontrol.

Maging Responsable!

T: *Hiniling ni Antonio, isang katrabaho ni Jose, na ilagay ni Jose ang isang transaksyon sa accounting system. May mga tanong si Jose tungkol sa pagiging totoo ng transaksyon na hindi masagot ni Antonio. Ano ang dapat gawin ni Jose?*

S: *Dapat ipaalam ni Jose ang kanyang mga alalahanin sa kanyang manager at tiyaking totoo at tumpak na impormasyon lang ang inilalagay sa mga talaan ng kumpanya.*

PANUNUHOL AT KATIWALIAN

Ang Mga Empleyado at third party na kumikilos para sa KBR ay pinagbabawalang gumawa, mag-alok, magpahintulot o mangakong gumawa ng anumang Mga Hindi Wastong Pagbabayad. Ang terminong "Mga Hindi Wastong Pagbabayad" ay ginagamit upang maglarawan ng maraming iba't ibang labag sa batas na pagbabayad ng pera o anumang may halaga na karaniwang nasa anyo ng mga lagay, suhol o kabayaran na ginagawa upang impluwensyahan nang paayon ang isang pagpapasyang nakakaapekto sa negosyo ng isang kumpanya o para sa personal na kapakinabangan ng isang indibidwal. Ang mga ganitong uri ng pagbabayad ay ilegal, hindi naaayon sa etika at ipinagbabawal ng Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo na ito.

Pinagbabawalan ng Kumpanya ang lahat ng Empleyado at third party na kumikilos para sa KBR na magbayad, mag-alok, mangako o magpahintulot ng anumang suhol, lagay o iba pang katulad na labag sa batas na pagbabayad ng pera o anumang may halaga sa sinumang pampublikong opisyal, empleyado ng pamahalaan, pulitikal na partido o opisyal ng pulitikal na partido, kandidato sa pulitika o empleyado ng isang pampublikong pandaigdigang organisasyon sa anumang bansa.

Dapat isagawa ang lahat ng transaksyon, at pahintulutan ang access sa mga asset, alinsunod lang sa pahintulot ng pamahalaan.

Pinagbabawalan din ang Mga Empleyado na tumanggap, direkta man o hindi direkta, mula sa isang third party ng anumang Mga Hindi Wastong Pagbabayad o anumang bagay na mahal na may kaugnayan sa isang transaksyong pinasok ng Kumpanya.

Pinagbabawalan ang Kumpanya, Mga Empleyado nito at mga third party na kumikilos para dito na gumawa ng anumang mga pagbabayad para sa "pag-aasikaso" o pagpapabilis sa sinumang opisyal o empleyado ng pamahalaan, kung saan ang layunin ay pabilisin o siguruhin ang pagganap ng regular na aksyong pampamahalaan na hindi pinagpapasyahan ng naturang opisyal.

Sa mga pambihirang pagkakataon, maaaring ipagpalagay ng isang Empleyado na kinakailangang bayaran ang isang opisyal o empleyado ng pamahalaan upang maiwasan ang napipintong banta sa personal na kalusugan, kaligtasan o kalayaan sa isang sitwasyon kung saan hindi makuha ng Empleyado ang kinakailangang paunang pag-apruba na itinatakda ng naturang sitwasyon. Kung magsagawa ng pagbabayad sa mga ganitong sitwasyong, dapat makipag-ugnayan sa lalong madaling panahon ang Empleyadong nagbayad sa Director ng Compliance o sa taong kanyang itinalaga para sa karagdagang direksyon.

Dahil maaaring managutan ang kumpanya at masira ang reputasyon nito bunga ng mga pagkilos ng mga third party na kumikilos sa ngalan ng KBR, tulad ng mga pagkilos ng Mga Empleyado, ang lahat ng third party na maaaring makipag-ugnayan sa mga opisyal o empleyado ng pamahalaang hindi sa U.S. sa ngalan ng Kumpanya at iba pang mga itinalagang peligrosong third party ay dapat:

(i) Isailalim sa naaangkop na paunang pagsisiyasat para sa panganib bago sumali;

(ii) Pagbawalang gumawa ng Mga Hindi Wastong Pagbabayad; at

(iii) Isailalim sa mga karagdagang tuntunin at kundisyon laban sa katiwalian tulad ng naaangkop.

Depende sa mga sitwasyon, maaaring ituring na Mga Hindi Wastong Pagbabayad ang mga donasyon sa mga organisasyong pangkawanggawa o organisasyon ng komunidad.

Ang Mga Proseso sa Pagpapatupad sa Mga Patakaran Laban sa Katiwalian ng KBR ay nagbibigay ng karagdagang gabay hinggil sa mga prosesong kinakailangan upang magpakilos ng mga third party at magbigay ng mga donasyon.

MGA REGALO, PAGLALAKBAY AT PAGLILIBANG

Maaaring ituring na Hindi Wastong Pagbabayad at/o paglabag sa isang naaangkop na batas laban sa katiwalian ang anumang pagbabayad o pagbibigay ng anumang may halaga sa sinumang pampublikong opisyal, empleyado ng pamahalaan, pulitikal na partido o opisyal ng pulitikal na partido, kandidato sa pulitika, empleyado ng isang pampublikong pandaigdigang organisasyon, kliyente o potensyal na kliyente, kabilang ang labis-labis na paglilibang, paglalakbay o mga regalong mahal. Alinsunod dito, pinagbabawalan ang Mga Empleyado na maghandog ng mga maluho o madalas na regalo, kagandahang-loob, paglalakbay o paglilibang (na tinatawag ding mga kagandahang-asal sa negosyo) sa mga third party. Upang magbigay ng karagdagang gabay, nakasaad sa Mga Proseso sa Pagpapatupad sa Mga Patakaran Laban sa Katiwalian ng KBR ang mga sitwasyon kung saan maaaring magbigay ng mga regalo o magpakita ng kagandahang-loob sa ilang partikular na third party, kabilang ang mga pampublikong opisyal at empleyado ng pamahalaan.

Pinagbabawalan din ang Mga Empleyado na manghingi o tumanggap ng anumang bagay na mahal, direkta man o hindi direkta, kabilang na ang maluluhong regalo, kagandahang-loob, paglalakbay o paglilibang mula sa mga third party.

Hindi ipinagbabawal sa probisyong ito ang pagbibigay o pagtanggap ng mga makatuwiran at kinaugaliang pagkain sa labas na may kinalaman sa negosyo, paglilibang at regalo hangga't hindi nagmumukhang hindi naaangkop ang pagtanggap sa mga ito at naaayon ang mga ito sa lahat ng patakaran at proseso ng Kumpanya. Ang lahat ng naturang gawain ay dapat iulat at aprubahan ng patakaran ng Kumpanya o, kung walang partikular na patakaran o proseso, ng supervisor ng Empleyado.

Maging Responsable!

T: *Ibig sabihin ba nito, hindi ko maaaring imbitahang kumain sa labas ang isang kliyente pagkatapos ng isang pagpupulong na pangnegosyo?*

S: *Maaari mong imbitahang kumain sa labas ang isang kliyente para mag-usap tungkol sa negosyo o linangin pa ang inyong kaugnayan. Dapat mong tiyakin na makatuwiran at kinaugalian ang pagkain sa labas at sumusunod ka sa mga proseso ng KBR para sa pagbabayad sa nagastos na hindi pa naaaprubahan.*

MGA PULITIKAL NA KONTRIBUSYON

Hinihikayat ng Kumpanya ang paglahok sa pulitikal na proseso. Gayunpaman, ang pederal na pamahalaan ng Estados Unidos, mga estado, mga lokalidad at ilang iba pang mga bansa ay nagpatupad ng mga batas na nangangasiwa sa mga pulitikal na kontribusyon, pulitikal na gawain at regalo upang mapigilan ang hindi wastong pag-iimpluwensya sa mga pampublikong opisyal. Maaaring ituring na Mga Hindi Wastong Pagbabayad ang mga pulitikal na kontribusyon sa mga naturang indibidwal o entity. Kapag lumahok sa mga pulitikal na gawain sa ibang bansa, o sa pederal na pamahalaan, pamahalaan ng estado o lokal na pamahalaan sa U.S., maaaring magkaroon ng mga legal na implikasyon at pananagutan ang Kumpanya. Sa mga dahilang ito, dapat alamin ng Mga Empleyado ang mga kaugnay na batas at dapat silang sumangguni palagi sa Government Relations Department bago sumali sa mga naturang pulitikal na gawain.

Susunod ang Kumpanya sa mga naaangkop na batas na nangangasiwa sa impluwensya sa pulitika at mga kontribusyon sa kampanya.

Masidhing naniniwala ang Kumpanya sa demokratikong pulitikal na proseso at na dapat magkaroon ng aktibong interes ang Mga Empleyado nito sa pagpapayaman ng mga prinsipyo ng mabuting pamahalaan sa mga bansa, estado at komunidad kung saan sila nakatira. Maaaring gugulin ng Mga Empleyado ang sarili nilang oras at pera sa pagsuporta sa mga kandidato at usapin sa pulitika, ngunit hindi sila babayaran ng Kumpanya sa anumang paraan para sa gugugugling oras o gagamiting pera para sa pulitikal na kontribusyon. Hinihimok ang Mga Empleyado na tiyaking sumusunod sa mga naaangkop na batas ang kanilang mga personal na pulitikal na kontribusyon at gawain. Halimbawa, ang mga taong hindi mamamayan ng Estados Unidos ay hindi pinapahintulutang magbigay ng mga pulitikal na kontribusyon sa mga kandidato sa mga halalang pederal, pang-estado o lokal sa Estados Unidos. Mayroon ding mga batas na nangangasiwa sa mga pulitikal na kontribusyon ang ibang mga bansa.

Walang Empleyado o iba pang taong kumakatawan sa Kumpanya sa mga usaping pampulitika at pampamahalaan ang dapat mamilit ng sinumang Empleyado, direkta man o hindi direkta, na lumalabag sa karapatan ng isang indibidwal na magpasya kung kanino magbibigay at magkano ang ibibigay na personal na pulitikal na kontribusyon.

Dapat sumunod sa lahat ng batas na nangangasiwa sa paglahok ng kumpanya sa mga pampublikong gawain ang Mga Empleyado at iba pang mga taong kumakatawan sa Kumpanya sa mga usaping pampulitika at pampamahalaan. Alinsunod sa iba't ibang batas, pinagbabawalang magpamalas ang mga korporasyon ng ilang partikular na asal, na pinapahintulutan at hinihikayat sa mga indibidwal. Patakaran ng Kumpanya na ganap na sundin ang mga pagbabawal na ito.

Hindi maaaring magkaloob ang Kumpanya ng mga pondo, ari-arian o serbisyo ng Kumpanya bilang suporta sa sinumang ibobotong kandidato sa pulitika o anumang pulitikal na partido o sinumang opisyal ng pulitikal na partido sa Estados Unidos (para sa pamahalaan ng estado o pederal na pamahalaan man) o sa anumang iba pang bansa, o sa ngalan ng itinalaga ng Kumpanya, nang walang paunang pag-apruba ng Government Relations ng KBR. Susuriin at aaprubahan ng General Counsel ang naturang pag-apruba. Papatunayan ng General Counsel ng KBR na legal at wasto alinsunod sa mga naaangkop na batas ang ipinapanukalang kontribusyon.

Sa mga pederal, pang-estado at lokal na batas, nililimitahan ang pagbibigay ng mga regalo sa mga pampublikong opisyal. Dahil dito, pinagbabawalan sa pangkalahatan na magbigay ng anumang bagay na may halaga sa mga pampublikong opisyal o empleyado ng U.S. ang Mga Empleyado sa tuwing kumikilos para sa Kumpanya.

PAGSUNOD SA MGA BATAS SA PAG-EXPORT AT KALAKALAN

Patakaran ng KBR na ganap na sumunod sa mga batas at regulasyon ng U.S. at sa lahat ng iba pang naaangkop na batas at regulasyon na sumasaklaw sa kalakalang pandaigdigan. Nasasaklawan ng mga batas at regulasyon na ito ang pag-export at muling pag-export ng mga produkto, mga serbisyo, software, teknolohiya at teknikal na data, gayundin ang mga paghihigpit at mga kinakailangan laban sa pag-boycott. Responsibilidad ng lahat ng Empleyado na tiyaking hindi dapat magkaroon ng transaksyon sa anumang sitwasyon na sumasalungat sa patakaran sa ganap na pagsunod ng KBR.

Ang mga kontrol sa kalakalang pandaigdigan, kabilang ang mga regulasyon sa pag-export, ay idinisenyo upang protektahan ang mga interes sa pambansang seguridad at patakarang panlabas ng mga pamahalaang nagtatakda ng mga kinakailangan sa pagkontrol sa pag-export. Kabilang sa mga pag-export ang mga pisikal na pag-export pati na rin ang mga pasalita, biswal o elektronikong pag-export ng data, software at teknolohiya. Sa konteksto ng batas sa pagkontrol sa pag-export ng U.S., kabilang din sa mga pag-export ang mga pagpapasa ng teknikal na data sa mga dayuhan sa Estados Unidos, mga pagbubunyag ng teknikal na data ng U.S. sa ibang bansa sa mga taong mula sa isang third country, mga muling pag-export ng mga item na galing U.S. mula sa isang dayuhang bansa papunta sa isa pa, at mga pag-export ng mga item na gawa sa ibang bansa na naglalaman ng mahigit 10% materyal mula sa U.S. Hindi lang sa mga operasyon ng KBR sa U.S. naaangkop ang mga kontrol sa kalakalan ng U.S., ngunit pati na rin sa mga negosyo ng KBR na wala sa U.S.

Nagtatakda ng mga limitasyon ang U.S. sa ilang bansa kung saan hindi maaaring makipagtransaksyon ang mga tao mula sa U.S., mga kumpanya mula sa U.S. at mga sangay sa ibang bansa ng mga ito. Madalas baguhin ng Office of Foreign Assets Control (OFAC) ng United States Department of Treasury ang listahan ng mga bansa at/o ang antas ng mga paghihigpit na ipinapatupad nang may kaugnayan sa anumang naturang bansa, at may responsibilidad ang mga empleyadong kasali sa kalakalang pandaigdigan na sumangguni sa pinakanapapanahong listahan na makikita sa http://www.treasury.gov/resource-center/sanctions/Programs/Pages/Programs.aspx. Patakaran ng KBR na hindi dapat makipagtransaksyon, magsagawa ng anumang trabaho sa, o magbenta ng produkto sa mga bansang kasama sa ipinagbabawal o pinaghihigpitan ng OFAC ang KBR sa anumang anyo, maliban na lang kung pinahihintulutan alinsunod sa batas ng U.S.

Naaangkop din ang pagbabawal na ito sa pagsasagawa ng trabaho o pagbebenta ng mga produkto sa anumang entity na nasa alinman sa mga bansang ito, o sa anumang entity na pagmamay-ari o kinokontrol ng pamahalaan ng alinman sa mga bansang ito nasaan man ang naturang entity. Maaaring magtakda ng mga katulad na pagbabawal at paghihigpit sa kalakalan na may kaugnayan sa isa o higit pa sa mga parehong bansa ang iba pang mga bansa kung saan nagpapatakbo ng negosyo ang KBR. Responsibilidad ng bawat Empleyado na sumangguni sa Law Department – International Trade Compliance Office ng KBR kung mayroong anumang mga tanong hinggil sa isang partikular na nasasaklawan.

Nagtatakda rin ang mga batas at regulasyon ng U.S. ng hindi gaanong mahigpit na mga limitasyon sa kalakalan para sa ilan sa iba pang mga bansa. Nagpapanatili ang pamahalaan ng U.S. at iba pang mga pamahalaan ng ilang listahan ng mga entity kung saan hindi maaaring makipagtransaksyon ang mga kumpanya ng mga ito, at dapat ay regular na tingnan ang mga listahang iyon ng Mga Empleyadong kabilang sa kalakalang pandaigdigan kapag kumikilos para sa kalakalang pandaigdian.

Bukod pa rito, inaatas ng KBR na mahigpit na sundin ang mga regulasyon laban sa pag-boycott ng U.S., na nagbabawal sa anumang pakikipagtransaksyon na susuporta sa pag-boycott ng Arab sa Israel. Bagaman hindi gaanong pangkaraniwan, ipinagbabawal din ng mga regulasyon laban sa pag-boycott ng U.S. ang pakikipagtransaksyon na susuporta sa pag-boycott ng anumang bansa sa anumang iba pang bansa maliban kung naaayon sa batas ng U.S. ang naturang pag-boycott.

ANTITRUST

Susunod ang Kumpanya sa lahat ng aspeto sa mga naaangkop na batas sa antitrust at kumpetisyon.

Hindi dapat pumasok ang sinumang Empleyado sa anumang pagkakaunawaan, kasunduan, plano o scheme, ipinahayag o ipinahiwatig, pormal o hindi pormal, sa anumang kakumpitensya patungkol sa mga presyo, mga tuntunin o kundisyon ng pagbebenta o serbisyo, produksyon, distribusyon, mga teritoryo o customer; o kaya ay makipagpalit o makipagtalakayan sa isang kakumpitensya patungkol sa mga presyo, mga tuntunin o kundisyon ng pagbebenta o serbisyo, o anumang iba pang impormasyon hinggil sa kumpetisyon; o kaya ay gumawa ng anumang iba pang bagay na lumalabag sa anumang mga naaangkop na batas sa antitrust o kumpetisyon.

Hindi ipinagbabawal ng Patakarang ito ang mga karaniwang kasunduan sa subcontracting o mga joint proposal sa mga kakumpitensya na hindi lumalabag sa mga naaangkop na batas sa antitrust o kumpetisyon at naaprubahan ng Law Department ng KBR.

Dapat ding humingi ng payo mula sa Law Department ng KBR bago makipagpalitan ng impormasyon sa mga kakumpitensya sa pamamagitan ng mga asosasyon sa kalakalan o pagpupulong sa industriya upang matiyak ang pagsunod sa mga naaangkop na batas sa antitrust at kumpetisyon.

Ang mga kasunduang gagawin sa pagitan ng mga miyembro ng joint venture tungkol sa mga operasyon ng joint venture ay ituturing na mga pakikipagkasundo sa kasosyo sa halip na sa kakumpitensya—kahit na mga kakumpitensya ang mga kasosyo sa labas ng joint venture. Gayunpaman, ipinagbabawal ang mga kasunduang laban sa kumpetisyon sa pagitan ng mga magkakakumpitensyang magkakasosyo sa joint venture na hindi nasasaklawan ng joint venture. Maaari ding magkaroon ng problema sa pakikipagpalitan ng sensitibong impormasyon hinggil sa kumpetisyon sa pagitan ng KBR, mga joint venture o kasosyo sa joint venture nito; dahil dito, dapat kang sumangguni sa Legal Department bago makipagpalitan ng naturang impormasyon.

Maging Responsable!

T: *Nagtatrabaho si Joaquin sa Proposals Department. Noong dumalo sa isang pagpupulong na pang-industriya si Joaquin, hiniling ng isang dating katrabaho na nagtatrabaho na ngayon sa isang kakumpitensya na hiwalay na makipagpulong si Joaquin sa isang pangkat sa industriya at makipagpalitan ng impormasyon sa benchmarking. Dapat bang dumalo sa pagpupulong si Joaquin?*

S: *Dapat humingi ng payo si Joaquin sa Law Department bago dumalo at makipagpalitan ng anumang impormasyon ng KBR upang matiyak ang pagsunod sa lahat ng batas sa antitrust at kumpetisyon.*

PANLOLOKO

Ipinagbabawal ng Kumpanya ang lahat ng Panloloko.

Kasama sa terminong "Panloloko" ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagnanakaw ng mga pondo at iba pang mga katiwalian kabilang na ang mga sumusunod:

- hindi tapat o mapanlinlang na gawain;
- maling paggamit o pagnanakaw ng mga pondo;
- paglulustay;
- pamemeke o pagbabago ng mga mapagkakasunduang instrumento gaya ng mga tseke at draft ng Kumpanya;
- pagnanakaw ng mga asset ng Kumpanya, Empleyado, customer, kasosyo o supplier;
- paglilipat para sa personal na paggamit ng cash, mga security, mga supply, ari-arian o anumang iba pang asset ng Kumpanya;
- hindi pinahihintulutang pag-aasikaso o pag-uulat ng mga transaksyon ng Kumpanya; at
- pagpapalsipika sa mga talaan o mga pahayag sa pananalapi ng Kumpanya para sa personal na layunin o iba pang mga dahilan.

Hindi kumpleto ang ibinigay na listahan ngunit nilalayong maipakita nito ang mga sitwasyong nagpapamalas ng panloloko.

May obligasyon ang Mga Empleyado na protektahan ang mga asset ng Kumpanya at tiyakin ang mahusay na paggamit sa mga ito. Ipinagbabawal ang pagnanakaw, pagpapabaya at pag-aaksaya ng Mga Empleyado sa mga asset ng Kumpanya dahil mayroong direkta at negatibong epekto sa reputasyon at kakayahang kumita ng Kumpanya ang mga naturang pagkilos at asal. Dapat lang gamitin ang lahat ng asset ng Kumpanya para sa mga lehitimong layunin sa negosyo ng Kumpanya.

Maging Responsable!

T: *Matagal nang magkasama sa trabaho at mabuting magkaibigan sa labas ng trabaho ang isang Sales Director at kanyang Supervisor. Pagkatapos lumabas kasama ang mga asawa nila at gumastos nang malaki, iminungkahi ng Sales Director na bayaran nila ang pagkain gamit ang kanyang pangkumpanyang credit card at sabihing pagpupulong na pangnegosyo kasama ang mga kliyente ang naturang pagkain sa labas. Sumang-ayon ang Supervisor, na nag-aapruba sa mga ulat sa gastos ng Sales Director. May problema ba rito?*

S: *Lumalabag ang mga pagkilos ng Sales Director at ng Supervisor sa Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo dahil mahigpit na ipinagbabawal ang paggamit ng mga pondo ng kumpanya para sa mga personal na dahilan at panloloko ang pagsusumite at pag-apruba ng huwad na ulat sa gastos.*

PAGGAMIT AT PAGSASAPUBLIKO NG MAHALAGANG HINDI PAMPUBLIKONG IMPORMASYON



Maagap at ganap na magsasapubliko ang Kumpanya ng mahalagang hindi pampublikong impormasyon kapag at kung hinihingi ng batas at/o ng mga alituntunin ng SEC o ng NYSE. Isinasaalang-alang ang mga sariling panghuhusga sa mga pagpapasya hinggil sa "kahalagahan"; dahil dito, pagpapasyahan ang mga tanong tungkol sa kahalagahan ng General Counsel at Chief Financial Officer. Dapat ay ganap, patas, tumpak, napapanahon at nauunawaan ang anumang mga pagsasapublikong gagawin ng Kumpanya sa mga ulat at dokumentong ihahain o isusumite sa SEC at ang iba pang mga pakikipag-ugnayan sa publiko ng Kumpanya.

Ang mahalagang hindi pampublikong impormasyon ay hindi dapat ibunyag kahit kanino hangga't hindi ito isinasapubliko ng Kumpanya maliban sa mga tao sa Kumpanya na nasa mga posisyon kung saan kailangan nilang malaman ang impormasyon.

Walang Empleyado ang dapat bumili o magsagawa ng sale order, o magrekomenda sa ibang tao na bumili o magsagawa ng sale order, sa mga security ng Kumpanya (o mga nauugnay na halaw na security, gaya ng mga opsyon sa paglalagay o pagtawag) kapag may alam siyang mahalagang impormasyon tungkol sa Kumpanya na hindi pa naisasapubliko. Ang sinumang Empleyado na may alam na mahalagang hindi pampublikong impormasyon ay dapat maghintay hanggang sa pagsasara ng negosyo sa pangalawang araw ng negosyo pagkatapos maisapubliko ng impormasyon bago makipagkalakalan o magrekomendang makipagkalakalan ang iba.

Dahil regular ang access nila sa kumpidensyal na impormasyon, napapailalim ang ilang partikular na Empleyado ("Mga Insider") sa mga karagdagang paghihigpit sa pakikipagkalakalan ng mga security ng Kumpanya.

KUMPIDENSYAL AT PINAGMAMAY-ARIANG IMPORMASYON

Sa pagpapatakbo para sa Kumpanya, madalas na nakakaalam ang Mga Empleyado ng kumpidensyal o pinagmamay-ariang impormasyon tungkol sa Kumpanya, mga customer, supplier o kasosyo sa joint venture nito.

Walang Empleyadong pinagkatiwalaan ng o may alam tungkol sa impormasyong kumpidensyal o pinagmamay-arian ang dapat magbunyag o gumamit sa impormasyong iyon sa labas ng Kumpanya o para sa personal na kapakinabangan, habang nagtatrabaho o pagkatapos magtrabaho o magbigay ng serbisyo sa Kumpanya, nang walang may bisa at naaangkop na nakasulat na pahintulot ng Kumpanya na gawin ito na ibinibigay ng isang manager o Empleyadong may awtoridad na magbunyag ng kumpidensyal o pinagmamay-ariang impormasyon. Maaaring makasama sa Kumpanya o makatulong sa kakumpitensya ang isang hindi awtorisadong pagbubunyag.

Pinapangasiwaan din ng Kumpanya ang pinagmamay-ariang data ng mga kasosyo sa joint venture, supplier at customer. Pinakamahalaga ang pagprotekta sa naturang data at dapat itong isagawa nang may lubos na pag-iingat upang maging karapat-dapat ang Kumpanya na patuloy na pagkatiwalaan ng mga naturang tao. Walang Empleyado ang dapat magbunyag o gumamit ng kumpidensyal o pinagmamay-ariang impormasyon na pagmamay-ari ng isang tao bukod pa sa Kumpanya sa mga hindi empleyado nang walang pahintulot ng Kumpanya, kung saan hindi dapat makahadlang ang pahintulot na iyon sa mga karapatan sa pag-uulat ng Empleyado na nakasaad dito, at hindi rin dapat ibunyag ng sinumang naturang tao ang impormasyon sa iba maliban kung may batayan na dapat itong malaman.

PAKIKIPAGKONTRATA SA PAMAHALAAN

Susunod ang Kumpanya sa lahat ng regulasyong naaangkop sa Estados Unidos at iba pang mga kontrata sa pamahalaan.

Ang lahat ng Empleyadong kasama sa pagsasagawa ng trabaho alinsunod sa mga kontrata sa pamahalaan ay dapat bigyan ng sapat na impormasyon at sanayin nang husto hinggil sa mga patakaran at kasanayang nakasaad sa Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo na ito at iba pang mga patakaran ng Kumpanya na partikular na nauugnay sa pakikipagkontrata sa pamahalaan. Ang bawat unit ng negosyo na may mga kontrata sa pamahalaan ng Estados Unidos o iba pang pamahalaan ay responsable sa pagtitiyak na nagsasagawa ng pagsasanay ng Empleyado tungkol sa mga patakarang ito at wastong idinodokumento ang naturang pagsasanay.



PAG-UULAT NG MGA PINAGHIHINALAANG PAGLABAG SA MGA ALITUNTUNIN NG ASAL SA NEGOSYO

Dapat maagap na iulat ng Mga Empleyado ang anumang pinaghihinalaang paglabag sa Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo sa isang naaangkop na outlet ng pag-uulat, na maaaring kabilangan ng, ngunit hindi nalilimitahan sa:

- **www.kbr.ethicspoint.com**
- Ang **Ethics Hotline**
  - U.S. o Canada (855) 219-7328
  - Para sa lahat ng iba pang mga bansa, makikita ang toll-free na numero ng telepono sa www.kbr.ethicspoint.com
- Post office box ng Code of Business Conduct
  - P.O. P.O. Box 2464, Houston, TX 77252-2464, USA
- Ang Director ng Code of Business Conduct sa **fhoukbrcode@kbr.com**
- Naaangkop na kinatawan ng **Law Department; Audit Services; Human Resources, Health, Safety, Security & Environment;** o iba pang departamentong nauugnay sa pagsunod ng KBR
- Ang **supervisor** o **manager** ng Empleyado
- Miyembro ng executive senior management

Bukod pa rito, maaaring gamitin ng Mga Empleyado ang kanilang legal na karapatan o tungkulin na iulat ang mga posibleng paglabag sa batas sa mga naaangkop na awtoridad ng pamahalaan anumang oras, nang hindi inuulat ang isyu sa, o humihingi ng paunang pahintulot mula sa, Kumpanya.

Ipinagbabawal ng Kumpanya ang anumang uri ng paghihiganti dahil sa pag-uulat ng mga pinaghihinalaang paglabag sa Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo nang walang masamang hangarin. Papatawan ng aksyong pandisiplina ang sinumang maghihiganti, direkta man o hindi direkta, laban sa sinumang Empleyado na mag-uulat ng mga aktwal o pinaghihinalaang paglabag. Ipinagbabawal ang pamimigil sa ibang Mga Empleyado na mag-ulat at maaari itong magresulta sa aksyong pandisiplina.

Inaasahan ang Mga Empleyado na ganap na makipagtulungan sa anumang pag-iimbestigang isasagawa batay sa isang pinaghihinalaang paglabag sa Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo.

Maging Responsable!

T: *Nakita ni Miguel na may ginawa ang kanyang supervisor na sa palagay niya ay maaaring isang paglabag sa Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo, ngunit hindi siya nakakatiyak kung paglabag ito at hindi gustong masangkot ni Miguel. Ano ang dapat niyang gawin?*

S: *Dapat iulat ni Miguel ang sitwasyon sa hotline o sa pamamagitan ng iba pang paraan ng pag-uulat. Maaaring imbestigahan at pagpasyahan ng COBC department kung mayroon talagang nangyaring paglabag. Responsibilidad ni Miguel na iulat ang asal na kanyang nasaksikhan.*

Mga Tala

Mga Alituntunin ng Asal sa Negosyo

www.kbr.com ©2019 KBR, Nakalaan ang Lahat ng Karapatan. (Tagalog)